BRITISH COLUMBIA

# BACKGROUNDER 9

Para sa Agarang Paglabas
2021FIN0023-000744
Abril 20, 2021

Ministeryo ng Pananalapi

## Pangangalaga sa bata: sinusuportahan ang mga pamilya sa B.C. ngayon at patungo sa pagbawi

Ang kalidad, abot-kaya at inklusibong pangangalaga sa bata ay kritikal sa mga pamilya, mga komunidad at ekonomiya. Pinatibay ng pandemya ang kahalagahan ng pangangalaga ng bata bilang isang tagapagpatakbo ng ekonomiya. Kung walang maaasahang akses sa pangangalaga ng bata, maraming mga magulang ay kailangang huminto sa kanilang mga karera, lumipat sa ibang komunidad o magpasiya laban sa pagkakaroon ng mas maraming mga anak. Kung kaya ang pamahalaan ay gumawa ng mga makasaysayang pamumuhunan tungo sa isang unibersal at inklusibong sistema ng pangangalaga ng bata sa B.C. sa loob ng huling tatlong taon. Kapag ang mga pamilya ay lubos na nakikilahok sa ekonomiya, sinusuportahan nito ang mga negosyo, tinutulugan ang mga pamilya at binubuhat ang mga bata palabas sa kahirapan.

Noong 2018, ipinakilala ng pamahalaan ang $1-bilyong plano sa pangangalaga ng bata na pinakamakabuluhang pamumuhunan sa pangangalaga ng bata sa kasaysayan ng B.C. Ang mga pamumuhunang ito sa kalidad, pagiging abot-kaya at malapit sa bahay na pangangalaga ng bata para sa libu-libong mga bata ay ginawang mas madali ang buhay para sa mga pamilya sa bawa't bahagi ng B.C. Kabilang dito ang:

- Pagopondo para sa halos 26,000 na bagong mga lugar sa lisensiyadong pangangalaga ng bata na isinasagawa sa buong B.C.
- Pagbabawas ng mga bayarin ng magulang hanggang sa $350 bawa't buwan para sa mahigit sa 69,000 mga bata at kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng Inisyatiba sa Pagbabawas ng Bayad sa Pangangalaga ng Bata (Child Care Fee Reduction Initiative).
- Pagbabawas ng bayarin hanggang sa $1,250 sa isang buwan bawat bata sa pamamagitan ng Benepisyo sa Abot-kayang Pangangalaga ng Bata, na makakatulong na mabawi ang mga gastos para sa 63,000 mga bata mula sa mga pamilya na may mababa at gitnang kita.
- Isang pagtaas na $2-isang oras na sahod para sa mga tagapagturo ng maagang pagkabata [early childhood educators (ECEs)] sa mga lisensiyadong pasilidad.

Ang Badyet 2021 ay nagtatayo sa mga pagpapahusay na ito sa pamamagitan ng karagdagang $233 milyon sa loob ng tatlong taon sa batayang pagpopondo upang isulong ang Pangangalaga ng Bata sa BC (Childcare BC), ang 10-taong Plano ng Lalawigan. Bilang karagdagan sa libu-libong mga bagong lugar na popondohan bawa't taon sa ilalim ng Pondo sa mga Bagong Lugar (New Spaces Fund), dadagdagan ng pamumuhunan ang bilang ng mga pamilya na makakakuha ng pangangalaga ng bata na nagkakahalaga ng $10 isang araw o mas mababa, dadagdagan ang walang gastos na mga lugar sa pangangalaga ng bata para sa mga Katutubong pamilya, at karagdagang pabubutihin ang mga sahod ng ECE upang suportahan ang paggawa ng mataas na kalidad na mga lugar na malapit sa bahay. Dinadala nito ang kabuuang pagpopondo ng pangangalaga ng bata sa halos $2.3 bilyon sa loob ng plano ng pananalapi.

**Ang Badyet 2021 ay:**

- Mahigit na dodoblehin ang bilang ng mga bata na maaaring makakuha ng pangangalaga para sa $10 isang araw o mas mababa sa pamamagitan ng isang pagpapalawak Universal Child Care Prototype na Programa. Ang pamumuhunang ito ay magdadagdag ng karagdagang 75 mga sentro ng pangangalaga ng bata sa programa, na magpapataas sa dami ng mga lugar ng humgit-kumulang 3,750.
- Pagtulong sa mas maraming mga pamilya na ma-akses ang pangangalaga ng bata sa mga bakuran ng paaralan sa pamamagitan ng pagpapalawak ng Seamless Day na pilotong programa mula sa apat na distrito hanggang sa 24.
- Pagsuporta sa humigit-kumulang na 11,000 mga ECE sa mga lisensiyadong sentro ng pangangalaga ng bata, at paghimok ng mas mabuting pagrerekluta at pagpapanatili sa sektor sa pamamagitan ng pagdodoble ng pagpapahusay sa sahod ng ECE sa $4 isang oras.

- Ang mga pagpapabuti sa sahod na ito ay nakatulong na dagdagan ang nasa pagitang mga sahod ng ECE sa halos $23 isang oras, na naghihimok sa mga tao na ipagpatuloy ang trabahong ito bilang isang karera.

- Pagsuporta sa paglikha ng 400 mga bagong lugar para sa programang Aboriginal Head Start, para sa isang kabuuan na 1,000 mga lugar sa mahigit sa 30 mga komunidad sa buong B.C. Ang programa ay nagbibigay ng may kaugnayan sa kulturang pangangalaga ng bata at maagang pag-aaral na walang gastos sa mga Katutubong pamilya sa pamamagitan ng pakikipagsosyo sa Asosasyon ng Aboriginal Head Start ng BC at ng Awtoridad sa Kalusugan ng mga First Nation (First Nations Health Authority).
- Pagsuporta sa libu-libong mga bagong lugar sa pangangalaga ng bata sa pamamagitan ng Pondo para sa mga Bagong Lugar ng Pangangalaga ng Bata ng BC (Childcare BC New Spaces Fund).
- Pagtulong sa halos 2,000 karagdagang mga pamilya na ma-akses ang Suportadong Pag-unlad ng Bata at Aborihinal na Suportadong Pag-unlad ng Bata na mga programa at dagdagan ang mga oras ng suporta para sa mga bata na nakapagpatala na upang matiyak na ang mga batang may mga pangangailangan sa suporta ay maaaring lubos na makapag-akses, makilahok sa at makinabang mula sa pagpoprograma.
- Pamumuhunan ng karagdagang $20 milyon sa mga gawad sa kalusugan at kaligtasan upang matulungan ang mga tagapagbigay ng pangangalaga ng bata sa gastos sa pagpapanatiling ligtas ang mga sentro sa pandemya.

Nang tumama ang COVID-19 sa B.C., ang pamahalaan ay namumuhunan na sa sektor ng pangangalaga ng bata, nakikilala kung gaano kakritikal ito sa mga pamilya. Ang kahalagahan ng mga pamumuhunan na ito ay naging mas malinaw sa pagsisimula ng pandemya, nang ang ilang mga magulang, lalo na ang mga kababaihan, ay kailangang mabilis na lumayo sa trabaho upang mag-alaga ng mga anak at mga nakatatandang magulang. Para sa iba, ang pandemya ay nangangahulugan na balansehin ang pangangalaga sa kanilang mga anak at pagsusuporta sa kanilang edukasyon sa bahay habang sinusubukang magtrabaho. Ang pagbubuo ng isang unibersal at inklusibong sistema ng pangangalaga ng bata para sa mga pamilya sa B.C. ay makakatulong na matiyak na ang mga magulang na umatras mula sa kanilang trabaho o mga layuning pang-edukasyon upang gawin ang mahalagang trabaho ng pag-aalaga ay makakabalik sa kanilang mga karera o pagsasanay.

Upang matulungang suportahan ang mga tagapagbigay ng pangangalaga sa bata at panatilihin ang mga pasilidad mula sa pagsasara, ang pamahalaan ay nagbigay sa mga nagpapatakbo ng pangangalaga ng bata ng halos $320 milyon na pang-emerhensiyang pagpopondo sa pagitan ng Abril 1 hanggang Agosto 31, 2020. Ang B.C. ang tanging hurisdiksiyon sa Canada na nagbibigay ng antas ng suportang ito para sa sektor, maging pinili man ng mga pamilya na iurong ang kanilang mga anak o kung pinili ng mga nagpapatakbo na pansamantalang magsara.

Ang isang karagdagang $99 milyon noong 2020-21 bilang bahagi ng Plano sa Pagbawi ng Ekonomiya ng Mas Malakas na BC (StrongerBC Economic Recovery Plan) ay nakatulong sa mga mga pamilya at tagapagbigay ng pangangalaga sa bata sa pamamagitan ng Mga Gawad sa Kalusugan at Kaligtasan (Health and Safety Grants), isang Pondo sa Mabilis na Pagbabago sa Pangangalaga ng Bata (Child Care Rapid Renovation Fund) at ang Nakabatay sa Lupang Aboriginal Head Start na Proyekto, at pinabilis ang higit sa 3,200 mga puwang sa pangangalaga ng bata sa pamamagitan ng Pondo sa mga Bagong Lugar.

Ang pangangalaga ng bata ay magpapatuloy na gumanap ng isang mahalagang papel habang kumikilos ang B.C. patungo sa pagbawi. Ang mga pangyayari noong nakaraan taon ay nagsinag ng liwanag sa kung paano sinusuportahan ng pangangalaga ng bata ang mga pamilya, sa pamamagitan ng pagbibigay-kakayahan sa mga magulang - lalo na ang kababaihan - na bumalik sa trabaho. Sinusuportahan nito ang mga may-ari ng negosyo na nakakapag-empleyo ng mga magulang habang sila ay pumapasok na muli sa pagtatrabaho, at ito ay nakakatulong sa pagtatayo ng malakas na mga lokal na ekonomiya na napapakinabangan ng lahat sa komunidad. Magkakasama, ang mga pamumuhunan na ito ay nagposisyon sa sektor ng pangangalaga ng bata upang suportahan ang mga pamilya at ang pagbawi ng ekonomiya ng B.C.

**Kontak:**

Mga Relasyon sa Media ng
Ministeryo ng Pananalapi
250 387-5710

Makipag-ugnay sa Lalawigan ng B.C. sa: news.gov.bc.ca/connect